Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI:Tungkol sa Mga Account sa Institusyon sa Pananalapi

## Ano ang mga account sa institusyon sa pananalapi?

Kabilang sa mga account sa institusyon sa pananalapi ang checking o savings, Christmas club, credit union, certificate of deposit, at money market accounts. Maaari silang individual o joint accounts.

Tinitingnan namin ang titulo ng account upang matiyak kung sino ang may access sa pera sa account na iyon.

## Ano ang pagkakaiba ng individual at joint account?

- Ang isang individual account ay may pangalan ng isang tao sa titulo, at sa karaniwan, ang tao lamang na iyon ang maaaring kumuha ng pera sa account na iyon.
- Ang isang joint account ay may higit sa isang pangalan ng tao sa titulo (halimbawa, John Jones o Mary Jones), at ang lahat ng mga taong binanggit ay maaaring kumuha ng pera sa account.

## Maaari ba akong magkaroon ng joint account at tumanggap ng mga benepisyo sa SSI?

Oo, ngunit itinuturing iyo ang pera sa account kahit na hindi mo itinuturing na iyo ang pera. Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo sa SSI at may joint account ka kasama ng iba na:

- hindi tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI—ang lahat ng pera na nasa account ay itinuturing na iyong pera; o
- tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI—ipapalagay namin na kayong dalawa ang may-ari ng pera sa parehong halaga maliban kung mayroon kang ibang maipapakita sa amin.

Para sa isang joint account, mayroon kang pagkakataong ipakita sa amin na ang bahagi o ang lahat ng pera ay hindi sa iyo. Tinatawag namin itong isang "rebuttal." Masasabi namin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin upang ipakita na ang pera ay hindi sa iyo.

## Paano kung mayroon akong individual account, ngunit may hawak ako ditong pera para sa iba?

Itinuturing naming sa iyo ang lahat ng pera sa iyong account. Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo para sa iba (halimbawa, bilang isang kinatawan na tatanggap ng bayad) o kung humahawak ka ng pera sa iyong account para sa iba (halimbawa, bilang isang trustee), mahalaga ang ipakita ito sa titulo ng account: Masasabi namin sa iyo kung anong titulo ang ipapalagay sa account.

## Halimbawa:

Si Mary Harris ay tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI. Tumatanggap din siya ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF) para sa kanyang anak na si Mavis. Ang pera mula sa SSI at TANF ay dinedeposito sa individual account ni Mary. Ang account balance noon ay $2,200.

Para sa mga layunin ng SSI, ang pera ni Mary sa account na iyon ay $2,200. Kapag nakipag-alam sa amin si Mary, sasabihin namin sa kanya kung paano gumawa ng isang hiwalay na account para sa kanyang anak na si Mavis at kung ano ang angkop na titulo na ibibigay dito.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.